| MaTaTaG *Kindergarten* Lingguhang Aralin | **Paaralan:** | **Visit DepEdResources.com for More** | | **Petsa:** | |
|---|---|---|---|---|---|
| | **Pangalan ng Guro:** | | | **Lingguhang Bilang** | 3 |
| | **Pangkat:** | | | **Markahan** | 1 |
| | **Tema:** | Knowing Who We Are and Our Families | | | |

| | |
|---|---|
| **A. Pamantayang Pangnilalaman** | The learners demonstrate understanding of attitude, emotions, similarities and differences of oneself and others including the concept of family, and of importance of physical health, safety, and appropriate movement concepts. |
| **B. Pamantayang Pagganap** | The learners manage emotions, make decisions, recognize similarities and differences of people, and express oneself based on personal experiences; participate actively in various physical activities; use hands in creating models; perform coordinated body movements; and take care of one's physical health and safety. |
| **C. Mga Kasanayang Pampagkatuto** | ● Narrate one's personal experiences<br>● Identify one's given name, friends' names, their family members<br>● Compare quantities using one to one correspondence to determine which has more, less, or equal<br>● Produce the sound of the letter it stands for<br>● Write the letters of the alphabet in uppercase and lowercase form<br>● Recognize one's rights as a child<br>● Identify body parts and their functions<br>● Practice ways of caring for and protecting one's body<br>● Describe objects based on attributes (shapes, sizes, uses, etc.) using senses and body parts<br>● Classify common objects in the environment according to colors and shapes<br>● Express oneself through music, arts, and movement<br>● Demonstrate locomotor and non-locomotor movements |
| **D. Mga Layunin (Mensahe)** | ● Nalalaman ng bata na siya ay may pangalan.<br>● Natutukoy nila kung sino ang mga babae at mga lalaki.<br>● Nalalaman ng bata kung ilang taon na siya at ang kaniyang kaarawan.<br>● Natutuhan ng bata na siya ay bukod-tangi; maaaring may mga pagkakaparehas sila sa iba, ngunit mayroon din silang pagkakaiba. |
| **E. Nilalaman/Paksa** | Ako ay bukod-tangi. / Mayroon akong pagkakaparehas sa iba, pero mayroon din akong pagkakaiba sa kanila. |

**Tala sa Guro:** Pinagsikapang maging masusi sa pagpili ng mga kalidad na kuwento na aakma sa tema (theme), sub-theme, kasanayang pampagkatuto, at pagpapahalaga (values) na nais ituro sa bata sa linggong ito. Kung sakaling hindi magagamit ang mga iminungkahing kuwento, tiyakin na ang kuwentong ipapalit ay naaayon sa mga kaalamang tinutukoy para sa linggong ito.

| BLOCKS OF TIME | LUNES | MARTES | MIYERKULES | HUWEBES | BIYERNES |
|---|---|---|---|---|---|
| **Arrival Time** (10 minuto) | Batiin ang mga bata sa kanilang pagdating. Kapag may lugar sa labas ng silid-aralan upang pumila ang mga bata nang hindi maaarawan o mauulanan, papilahin sila habang pumapasok sa silid-aralan.<br>Sabihin sa mga bata na ibaba ang kanilang mga gamit at maghanda na sa pag-umpisa ng klase.<br>Matapos ang sampung (10) minuto, kantahin ang 'Isa, Dalawa, Tatlo' o iba pang kanta na maaring gamitin upang umupo ang mga bata at maging handa na para sa Meeting Time.<br>(Sumangguni sa *Teacher's Guide* partikular ang *Intentional Teaching for Routine Activities* upang makita ang iba't ibang konsepto at baryasyon ng paggawa nito.) | | | | |
| **Meeting Time** (15 minuto) | **Pambansang Awit**<br>**Panalangin** } (Maaaring gawin kasama ang ibang baitang o mismo sa kanilang silid-aralan.)<br>**Ehersisyo**<br>**Kumustahan** (Kumustahin ang mga bata, magtanong din tungkol sa balita sa telebisyon o radyo na napanood o napakinggan nila, *current events*)<br>**Balitaan**<br>Ating alamin ang petsa, araw, at buwan ngayon gamit ang ating kalendaryo.<br>Kahapon ay (e.g., Linggo)<br>Ngayon ay ________________<br>Bukas ay ________________<br>Ang petsa ngayon ay ika ____________ng __________taong ________.<br>Kumusta naman ang panahon natin ngayon? (maulan, maaraw, maulap, mahangin)<br>Tingnan ang iyong mga kaklase, bilangin natin ang mga babae. (Patayuin ang bawat batang mabibilang. Muling gawin ito sa mga lalaki).<br>Ilan ang mga lalaki? Kung ganun, ilan lahat ang mga babae at lalaki? Bilangin natin.<br>(Sumangguni sa *Teacher's Guide* partikular ang *Intentional Teaching for Routine Activities* upang makita ang iba't ibang konsepto at baryasyon ng pagtuturo nito.) | | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **Mga Mensahe** | Mahalaga ang pangalan sa mga tao. Mayroon akong pangalan.<br><br>Mayroon akong buong pangalan at palayaw. | Ako ay isang babae.<br><br>Ako ay isang lalaki. | Ako ay ________taong gulang.<br><br>Mayroon akong kaarawan, at ito ang araw noong ako ay ipinanganak. | Ako ay bukod-tangi. Mayroon kaming mga pagkakaparehas pero mayroon din kaming mga pagkakaiba. |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **Mga Katanungan** | Bakit mahalaga ang pangalan ko?<br>Ano ang iyong buong pangalan?<br>Ano ang iyong palayaw?<br>Ano-ano ang pangalan ng inyong mga guro at kaklase? | Ikaw ba ay lalaki o babae?<br><br>Sino-sino ang mga babae at lalaki sa ating silid- aralan?<br><br>Sino-sino ang mga babae at lalaki sa inyong bahay? | | Ilang taon ka na?<br><br>Kailan ang iyong kaarawan?<br><br>Paano ipinagdiriwang ang kaarawan mo? | Sa anong paraan kayo may pagkakapareho ng iyong mga kaklase?<br><br>Ano naman ang inyong pagkakaiba? |
| **Work Period 1** (45 minuto) | Awitin natin ang 'Kaibigang Libro' o iba pang kanta na puwedeng magamit sa pagumpisa ng pagbabasa ng libro. | | | | |
| | **Kuwento** *Ang Aking Kaibigan* (Akda ni Laarni G. Casidsid \| Guhit ni Elfie C. Casidsid, ABC+ Project, DepEd, US AID, RTI International, The Asia Foundation, SIL LEAD, Florida State University)<br><br>Ipaliwanag ang mga mahihirap na salita na nasa kuwento.<br>● kasing-edad<br>● lumingon<br>● isinenyas<br><br>**Pagganyak** Ano ang inyong pangalan?<br><br>**Pagganyak na Tanong**<br>Paano kaya nagpapakilala sa isa't isa ang mga bata sa kuwento? | **Kuwento** *Ako ay may Kiki (I have a vagina.)* (Akda ni Glenda Oris\| Guhit ni Beth Parrocha, Lampara Publishing House, Inc.)<br><br>Ipaliwanag ang mga mahihirap na salita na nasa kuwento.<br>● mikrobyo<br>● pumanghi<br>● maselan<br><br>**Pagganyak** Sino sa inyo ang may kiki?<br><br>**Pangganyak na Tanong** Ano ang kiki? Alamin natin! | **Kuwento** *Ako ay may Titi (I have a penis.)* (Akda ni Genaro R. Gojo Cruz \| Guhit ni Beth Parrocha, Lampara Publishing House, Inc.)<br><br>Ipaliwanag ang mga mahihirap na salita na nasa kuwento.<br>● salawal<br>● arinola<br><br>**Pagganyak** Sino sa inyo ang may titi?<br><br>**Pangganyak na Tanong** Ano ang titi? Alamin natin! | **Kuwento** *Isang Taon na si Beth* (Akda ni Rene Villanueva \| Guhit ni Peter Espina Adarna House, Inc.)<br><br>Ipaliwanag ang mga mahihirap na salita na nasa kuwento.<br>● laso<br>● sorbetes<br><br>**Pagganyak**<br>Ilang taon na kayo?<br><br>**Pagganyak na Tanong**<br>Paano kaya ipinagdiwang ang kaarawan ni Beth? Alamin natin! | **Kuwento** *Si Rose at si Alma* (Akda ni Pablito Petallar \| Guhit ni Kevin Rusty Macaraeg, US AID and ABC+ Project)<br><br>*Tala sa Guro:* Ito ay isang wordless book.<br><br>Ipaliwanag ang konsepto ng pagkakaibigan.<br><br>**Pagganyak** Mayroon ka bang kaibigan? Sino- sino sila?<br><br>**Pagganyak na Tanong**<br>Paano naging magkaibigan sina Rose at Alma? |

<table>
<tr>
<td>Teacher-Supervised Activity</td>
<td>Talakayan<br>Balikan kung ano ang sinabi sa kuwento at pag-usapan ang mga detalye sa kuwento.<br>Ano ang inyong buong pangalan?<br>Saan nanggaling ang inyong pangalan?<br>Gawain<br>Ang Aking Buong Pangalan (Sumangguni sa Apendiks para sa detalye ng gawain)</td>
<td>Talakayan<br>Balikan kung ano ang sinabi sa kuwento at pag- usapan ang mga detalye sa kuwento.<br><br>Ano ang pagkakaiba ng mga babae sa mga lalaki?<br><br>Gawain<br><br>Class Puppets (Sumangguni sa Apendiks para sa detalye ng gawain)</td>
<td>Talakayan<br>Balikan kung ano ang sinabi sa kuwento at pag-usapan ang mga detalye sa kuwento.<br>Ano ang ginagawa ninyo tuwing inyong kaarawan?<br>Gawain Birthday Wall (Sumangguni sa Apendiks para sa detalye ng gawain)</td>
<td>Talakayan<br>Isa-isang ipakita ang mga larawan sa aklat at hikayatin ang mga bata na bumuo ng ibang kuwento sa ilang mga pahina nito.<br>Paano makipagkaibigan?<br>Gawain<br>Class Slam Book (Sumangguni sa Apendiks para sa detalye ng gawain)</td>
</tr>
<tr>
<td>Supervised Recess<br>(15 minuto)</td>
<td colspan="4">Mga bata sampung (10) minuto na lang ang natitira. Pumalakpak tayo ng limang beses para sa natapos nating mga gawain.<br>Sabay, sabay, 1, 2, 3, 4, 5. (Puwede hanggang 10 o 20 kung kailangan.)<br>Tawagin natin si ________________, ang ating tagapanalangin o prayer leader (ayon sa Job Chart). Magpasalamat o magdasal tayo para sa natapos nating gawain at sa ating meryenda.<br>Tayo ay pumila para sa paghuhugas ng ating mga kamay. Pagkahugas ng kamay, kakain na ng mga bata ang kanilang baon.<br>Kapag kumakain na ang mga bata, maaaring sabihin ng guro: Puwede rin kayong magbahagi ng pagkain sa inyong mga kaklase. Ano ang lasa o kulay o hugis ng iyong pagkain? Sino ang nakaupo sa harap mo? Sa kaliwa? Sa kanan? At iba pa. Pagkatapos kumain, maghuhugas muli ng mga kamay at magsesepilyo. Mahalaga na palaging malinis ang ating mga kamay at mga ngipin para maiwasan ang pagkakaroon ng sakit. Maaari ding magpalit ng damit kung kinakailangan.<br>Magpahinga na ang tapos.</td>
</tr>
<tr>
<td rowspan="2">Quiet / Nap Time<br>(10 minuto)</td>
<td colspan="4">Iparinig o kantahin ang awiting, 'Ang Munting Bituin' o iba pang uyayi (lullaby) habang nagpapahinga ang mga bata.</td>
</tr>
<tr>
<td colspan="4">Tapos na ang sampung minuto, muli maghahanda tayo sa iba pang mga masasayang gawain. Kakantahin nating muli ang 'Masaya kung Sama-Sama' o iba pang kanta na puwedeng gamitin.</td>
</tr>
<tr>
<td rowspan="2">Work Period 2<br>(40 minuto)<br><br>Pag-aaral ng mga Katangian</td>
<td>Aralin ang Kanta: Where is ________________________?</td>
<td>Aralin ang Kanta: Where are the boys?/ Where are the girls?</td>
<td colspan="2">Aralin ang Kanta: Where are the five year olds?</td>
</tr>
<tr>
<td>Pupunta ang guro sa harapan, kung saan siya ay makikita ng bawat bata sa klase.<br>Hihikayatin ng guro na</td>
<td colspan="3">Pumili ng isang bata at papuntahin sa harapan ang isang bata mula sa klase, kung saan siya ay makikita ng kanyang mga kaklase. Ipalarawan sa mga kaklase kung ano ang napansin nila sa kanilang kaklase nasa harapan. Maaari nilang ilarawan ang kanyang buhok, kanyang suot, o ang iba pang mga bagay na kanilang napansin.</td>
</tr>
</table>

<table>
<tr>
<td rowspan="3">Mga Gawain<br>sa Grupo</td>
<td>tingnan siya ng mga bata at magbigay ng kanilang mga napansin. Maaari nilang ilarawan ang kanilang nakikita<br>tungkol sa suot o hitsura ng guro.</td>
<td colspan="4"></td>
</tr>
<tr>
<td colspan="5">Tala sa Guro: Bantayang maigi ang mga sagot ng mga bata upang hindi makasakit ng damdamin. Maaaring magbigay ng mga gabay upang matulungan ang mga bata mag-isip at maglarawan ng kanilang mga napapansin.</td>
</tr>
<tr>
<td colspan="5">May mga inihandang gawain sa bawat grupo na maaaring ipagawa kapag natapos na ang mga bata sa mga gawain para sa araw.<br><br>Maaaring ang lider ng bawat grupo ang kukuha ng mga gamit na nasa mesa. Lalapit ang guro sa bawat grupo para ipaliwanag kung ano at paano ito gagawin.<br><br>Early Language, Literacy, and Numeracy Activities:<br>Iba pang mga Gawain:<br>* Ilang titik ang mayroon sa pangalan mo?<br>* Picture Puzzle<br>* Picture Card Match<br>* Sequencing Pictures<br>* Hanapin at Kulayan<br>* Bilangin ang mga Hugis<br>* Saan ito kabilang?<br>* Ano kaya ang kasunod?</td>
</tr>
<tr>
<td rowspan="3">Indoor/<br>Outdoor Play<br>(35 minuto)</td>
<td colspan="5">Bibilang ako ng isa hanggang sampu para tapusin na ang iyong ginagawa at ibalik sa tamang lagayan ang mga ginamit (Bagalan ang pagbilang upang may sapat na oras tapusin at iligpit ng mga bata ang mga ginamit.)<br>Kung kulang pa… Uulitin ko ang pagbilang ng isa hanggang sampu. Dapat malinis at maayos na ang lahat.<br>Handa na ba kayong maglaro? (Kung ang gawain ay sa labas ng silid-aralan, sumangguni sa Apendiks sa pamamaraan ng pagpapapila ng mga bata.)</td>
</tr>
<tr>
<td>Malayang Paglalaro</td>
<td>Freeze/Stop Dance</td>
<td>Lumulubog ang Bangka</td>
<td>Bring Me!</td>
<td>Bottle and Straw Relay</td>
</tr>
<tr>
<td colspan="5">Pagkatapos ng sampung (10) minuto ibabalik na natin ang mga ginamit natin sa paglalaro at uupo na tayo upang magpaalam. (Kapag tapos na ang sampung minuto) Iligpit na natin ang mga ginamit natin at umupo na tayo.<br><br>Maaari ding kantahin ang ‘Isa, Dalawa, Tatlo’ o iba pang kanta na puwedeng gamitin.</td>
</tr>
</table>

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **Wrap-Up Time & Dismissal** (10 minuto) | Marami tayong ginawa ngayong araw. Magbabanggit ako ng ilan at itaas ang kamay kung ano ang pinaka-nagustuhan mo. Awitin natin ang kantang 'Paalam Na Sa'yo' o iba pang kanta upang makapag-paalam sa isa't isa. Maghahanda na ang lahat para sa pag-uwi. | | | |
| | Puwede bang malaman kung ano ang iyong pangalan? Sabihin ito bago mag-umpisang maglakad palabas ng silid-aralan. | Maaari bang gumawa ng dalawang pila, isa para sa mga lalaki at isa naman para sa mga babae? | Ipakita sa iyong mga daliri kung ilang taon ka na. | Isigaw ang linyang "Ako ay bukod-tangi!" bago maglakad palabas ng silid-aralan. |
| Dismissal Routine: Mag-ingat sa pagtawid sa kalye. Tumingin sa kaliwa, kanan, at kaliwa muli bago tumawid. (Paalalahanan ang mga bata kung may meeting ang mga magulang o di kaya kung may sulat para sa kanila.) | | | | |

| LINGGUHANG PAGNINILAY NG GURO | |
|---|---|
| **Mga Tanong sa Pagninilay** | |
| A. Aling bahagi ng activity ang nagustuhan ng mga bata? Bakit? | |
| B. Alin ang hindi nila masyadong nagustuhan? Bakit? | |
| C. Sa iyong palagay, aling estratehiya ang naging epektibo? Bakit? | |
| D. Anong inobasyon o lokal na materyales ang iyong ginamit sa araw na ito? Ano ang naging reaksyon ng mga bata rito? | |
| E. Anong obserbasyon sa mga bata ang gagamitin mo upang lalo pang mapaganda ang iyong pagtuturo? | |
| F. Nasagot ba ng mga bata ang mga tanong? (Tingnan ang 'Mga Katanungan' pagkatapos ng 'Mensahe'). | |

Inihanda ni:

____________________________

Guro

Nirebyu ni:

____________________________

Master Teacher / Head Teacher

Pinagtibay ni:

____________________________

School Head

**Apendiks**

**A. Mga Gawaing Kaugnay ng Tema**

<u>**Ang Aking Buong Pangalan**</u>

Layunin: Matututunan ng bata ang ayos ng kanyang buong pangalan Mga
Kagamitan: papel, panulat, gunting, manila paper, pandikit Bilang ng Kasali:
lahat ng mga bata sa klase

Paghahanda sa Gawain:

1. Maghanda ng ilang papel na hugis parihaba.
2. Gamit ang marker, isulat ang bawat pangalan ng bawat bata sa isang papel na parihaba. Maaring gumamit ng pare-parehas na kulay ng papel sa isang bata.

Pamamaraan:

1. Ibigay ang mga papel na parihaba sa mga bata at sabihin na kailangan nila itong ayusin sa pagkakaayos ng kanilang buong pangalan.
2. Kapag handa na, ididikit ng bawat bata sa klase ang kanilang mga pangalang nakaayos na sa manila paper.

*<u>Takdang Aralin:</u>* Tanungin sa mga magulang kung saan nanggaling ang iyong buong pangalan at ang iyong palayaw.

<u>**Class Puppets**</u>

Layunin: Makakagawa ng isang puppet ng kanilang mga sarili

Mga Kagamitan: papel, mga gamit na panulat (pangkulay, lapis, marker), gunting, popsicle sticks, pandikit Bilang ng Kasali: lahat ng mga bata sa klase

Pamamaraan:

1. Ang bawat bata ay guguhit ng mga tao, depende sa kanilang kasarian.
2. Pagkatapos ay gugupitin ito. Maaaring tumulong ang mga mas nakatatanda sa silid-aralan.
3. Idikit ang iginuhit ng mga bata sa isang popsicle stick.
4. Gagamitin ng mga bata ang puppets upang ipakilala ang kanilang mga sarili.

<u>**Birthday Wall**</u>

Layunin: Malalaman ng bata ang kanyang edad at kaarawan


Mga Kagamitan: print outs at cut-outs ng mga cone at scoops ng ice cream, pandikit Bilang ng Kasali:
lahat ng mga bata sa klase

Paghahanda:

1. Magprint o gumuhit ng mga ice cream scoop at cone.
2. Gupitin ang mga ito.

Pamamaraan:

1. Bubuo ang mga bata ng ice cream, pero ang dami ng scoops na ilalagay nila ay dapat tugma sa kanilang edad. Halimbawa, ang mga bata na limang taong gulang na ay maglalagay ng limang ice cream scoop.
2. Pagkatapos ay isusulat ng mga bata ang kanilang pangalan at kaarawan sa cone ng ice cream.



**Class Slam Book**

Layunin: Matututunan ng bata ang tungkol sa kaniyang sarili at sa kaniyang mga kaklase

Mga Kagamitan: Kindergarten Learning Activity Sheet No. 4: Slam Book, folder, fastener, stamp pad o pintura Bilang ng Kasali: lahat ng mga bata sa klase

Pamamaraan:

1. Ang bawat bata ay bibigyan ng isang pahina ng slam book.
2. Hayaan ang mga bata na sagutan ang mga nakasaad sa slam book (pangalan, palayaw, kaarawan, edad, paboritong kulay, at paboritong pagkain).
3. Pagkatapos ay itatatak ng mga bata ang kanilang fingerprint sa bilog sa baba ng papel gamit ang stamp pad o pintura. Magandang maipaliwanag sa mga bata na ang ating fingerprint ay iisa lamang at wala tayong kaparehas nito kaya tayo ay unique o bukod-tangi.
4. Ang mga natapos na pahina ay pagsasama-samahin sa folder na may fastener upang mabuo ang class slam book.

**B. Iba Pang Mga Early Language, Literacy, at Numeracy Activities** **Hanapin at Kulayan**

Layunin: Matututunan ng mga bata ang kaibhan ng mga hugis

Mga Kagamitan: Kindergarten Learning Activity Sheet 2, pangkulay Bilang ng Kasali: lahat ng bata sa klase

Paghahanda:

1. Mag-print ng Kindergarten Learning Activity Sheet 2, isa sa bawat bata.

Pamamaraan:

1. Bigyan ang bawat bata ng Kindergarten Learning Activity Sheet 2.
2. Gamit ang kanilang pangkulay, hayaan silang sagutin ang activity sheet. Umikot habang ginagawa nila ito upang makita kung kailangan tumulong.

**Bilangin ang mga Hugis**

Layunin: Matututukoy ng mga bata ang mga hugis
Matututunan ng mga bata ang pagbilang

Mga Kagamitan: Kindergarten Learning Activity Sheet 3, panulat Bilang ng Kasali: lahat ng bata sa klase

Paghahanda:

1. Mag-print ng Kindergarten Learning Activity Sheet 3, isa sa bawat bata.

Pamamaraan:

1. Bigyan ang bawat bata ng Kindergarten Learning Activity Sheet 3.
2. Hayaan silang sagutin ang activity sheet. Umikot habang ginagawa nila ito upang makita kung kailangan tumulong.

**Saan ito kabilang?**

Layunin: Matutukoy ang mga hugis

Mga Kagamitan: malalaking cut-out ng iba't-ibang hugis, mga imahe ng mga bagay na may iba't-ibang hugis Bilang ng Kasali: 4-6 na bata

Pamamaraan:

1. Ilagay ang malaking cut-out ng iba't ibang hugis sa sahig o sa mesa.
2. Sabihin sa mga bata na pagsama-samahin ang mga bagay sa kanilang mga hugis. Halimbawa, ang imahe ng orasan ay ilalagay sa bilog na hugis, at ang imahe naman ng pisara ay ilalagay sa hugis parihaba.

**Ano kaya ang kasunod?**

Layunin: Matututunan ng mga bata ang paggawa ng isang pattern

Mga Kagamitan: Kindergarten Learning Activity Sheet 4: Ano kaya ang kasunod?, mga panulat at pangkulay Bilang ng Kasali: 5-10 na bata

Paghahanda:

1. Mag-print ng Kindergarten Learning Activity Sheet 4: Ano kaya ang kasunod?, isa sa bawat bata.

Pamamaraan:

1. Bigyan ang bawat bata ng Kindergarten Learning Activity Sheet 4: Ano kaya ang kasunod?.
2. Gamit ang kanilang mga panulat at pangkulay, bubuuin nila ang pattern sa pamamagitan ng pagtukoy sa kung ano ang dapat na sumunod na mga hugis at kulay.

**Ilang letra ang mayroon sa pangalan mo?**

Layunin: Matututunan ng mga bata ang pagbibilang

Matututunan ng mga bata ang pagkumpara, upang makita alin ang mas marami, mas kaunti, at pantay lamang

Mga Kagamitan: manila paper, marker Bilang ng Kasali: lahat ng mga bata sa klase Paghahanda:

1. Gamit ang marker, guhitan ang manila paper ng graphing chart.

| 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 | 7 | 8 | 9 | 10 | How many letters? |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| A | n | n | a | | | | | | | 4 |
| M | a | r | k | J | o | s | e | p | h | 10 |
| L | a | a | r | n | i | | | | | 6 |
| | | | | | | | | | | |

Pamamaraan:

1. Isa-isahin ang bawat bata sa klase. Ilagay sa kahon ang bawat letra sa kanilang unang pangalan. Isang linya sa bawat bata.
2. Bilangin ng sama sama ang bawat letra ng pangalan ng bawat bata.
3. Maaaring hayaan ang mga bata na isulat sa dulong hanay ang kabuuang bilang ng kanilang unang pangalan.
4. Pagkatapos ay pag-usapan bilang klase sino sino ang marami ang bilang ng letra sa pangalan, sino-sino ang kaunti lamang, at sino- sino ang magkakapantay ang bilang ng letra sa pangalan.

**Picture Puzzle**

Layunin: Mapapabuti ang fine-motor coordination at visual discrimination ng mga bata

Mga Kagamitan: puzzle pieces ng iba't ibang imahe ng mga bagay na pamilyar ang mga bata

Paghahanda:

1. Mag-print ng 8-10 na larawan ng mga bagay na pamilyar sa mga bata.
2. Gupitin ito sa 4-6 na piraso.

Pamamaraan:

1. Bigyan ang bata ng isang set na bubuin.
2. Kapag nabuo na ay maaaring pangalanan ang bagay na nabuo sa puzzle.
3. Pag nakatapos ay maaaring magpalitan ng puzzle na bubuuin ang mga bata.

**Picture Card Match**

Layunin: Matututunan ng mga bata ang tawag sa mga bagay
Mag Kagamitan: mga kard na may larawan ng mga bagay na pamilyar sa mga bata, mga kard na may pangalan ng mga bagay na nasa mga larawan
Bilang ng Kasali: 4-6 na bata Paghahanda:

1. Mag-print ng mga larawan ng mga bagay na pamilyar sa mga bata.
2. Mag-print ng mga pangalan ng mga bagay na nasa mga larawan.
3. Gupitin ang mga ito para maging mga kard.

Pamamaraan:

1. Ilagay ang mga larawan sa isang bahagi ng mesa at ang mga salita naman sa kabilang bahagi.
2. Hayaan ang mga bata na pagtugmain ang mga larawan sa mga salita.

**Sequencing Pictures**

Layunin: Matututunan ng mga bata ang ayos ng mga pangyayari Mga
Kagamitan: picture cards
Bilang ng Kasali: 3-4 na bata Paghahanda:

1. Mag-print ng mga litrato (batang nakapaa - batang nakasuot ang medyas - batang nakasuot ng sapatos, at iba pa)
2. Gupitin ang mga ito para maging kard.

Pamamaraan:

1. Ilatag sa mesa ang mga litrato.
2. Hayaan ang mga bata na ayusin ito, ayon sa ayos na tingin nila ay tamang ayos ng mga pangyayari.
3. Maaaring hikayatin ang mga bata na ipaliwanag kung bakit ganoon ang kanilang pagkakaayos ng mga litrato.

**C. Mga Laro sa Loob at Labas ng Silid-Aralan**

**Malayang Paglalaro**

Layunin: Makakapaglaro ang mga bata ng kahit na anong gusto nila
Mga Kagamitan: mga laruan, materyales o mga libro sa loob ng silid-aralan

Bilang ng Kasali: lahat ng mga bata

Pamamaraan:

1. Gamit ang mga laruan at mga gamit sa loob ng silid-aralan, hayaan ang mga batang maglaro at piliin ang kanilang mga lalaruin.
2. Maaaring umikot ang guro upang makipagkwentuhan sa mga bata tungkol sa kanilang nilalaro o binubuo.

**Freeze/Stop Dance**

Layunin: Matututunan ng mga bata ang makiramdam at kumilos ayon sa kanilang naririnig Mga Kagamitan:
tugtog at speaker (kung mayroon)
Bilang ng Kasali: lahat ng mga bata
Pamamaraan:

1. Magpapatugtog ang guro ng isang kanta at hihikayatin niya ang mga bata na sumayaw habang mayroong tugtog.
2. Ititigil ng guro ang tugtog at kailangan din huminto ng mga bata.
3. Ang makitang gagalaw kahit wala na ang tugtog ay matatanggal sa laro.

**Lumulubog ang Bangka**

Layunin: Matututunan ng mga bata sumunod sa mga tagubilin Mga
Kagamitan: wala
Bilang ng Kasali: Higit sa 4 na bata
Pamamaraan:

1. Magtatalaga ng isang bata na magiging unang "taya."
2. Sasabihin ng taya: "Lumulubog ang bangka, magpangkat ng tig-[bilang]." Puwede niya itong ibahin, katulad ng ayon sa kasarian, sa edad, o sa unang titik ng kanilang mga pangalan upang magamit ang kanilang natutunan sa klase.
3. Bubuo ang mga manlalaro ng mga grupo na ayon sa sinabi ng "taya".
4. Habang bumubuo ang mga grupo, susubukan ng "taya" na makasali sa isa sa mga grupo.
5. Ang maiiwan na walang grupo o di kasali sa grupo ang magiging bagong "taya."

**Bring Me!**

Layunin: Matututunan ng mga bata ang kaibhan ng mga kulay ng mga bagay Mga
Kagamitan: mga gamit sa paligid o sa silid-aralan
Bilang ng Kasali: lahat ng mga bata na hahatiin sa dalawang grupo
Pamamaraan:

1. Ang mga bata sa klase ay hahatiin sa dalawang grupo.
2. Sasabihin ng guro na maaaring kumuha ng kahit na anong bagay ang mga bata sa klase na ayon sa kanyang sasabihin.
3. Maaari itong iayon sa natutunan sa klase tungkol sa kanilang edad. Halimbawa, magbigay ng 5 pangkulay, magbigay ng 5 sapatos, atbp.
4. Ang mga grupo ay maghahanap o bubuo ng kinakailangan ng guro upang manalo.

**Bottle and Straw Relay**

Layunin: Matututunan ng mga bata ang sportsmanship

Bilang ng Kasali: lahat ng mga bata na hahatiin sa apat na grupo Paghahanda:

1. Humanap ng isang malaking lugar sa eskwelahan, maaari ito sa loob ng silid-aralan, ngunit mas mabuti kung ito ay sa labas ng silid-aralan gawin.
2. Ilinya ang 5 bote sa apat na linya.

Pamamaraan:

1. Ang mga bata sa klase ay hahatiin sa apat na grupo at sila ay gagawa ng isang pila sa tapat ng linya ng mga bote.
2. Iaabot niya ang 5 straw sa mga bata sa unahan.
3. Ang mga bata ay magpapaunahang mailagay ang isang straw sa bawat bote at isa-isa itong kuhanin pabalik sa kanilang pila.
4. Ang lahat ng mga bata sa pila ay gagawin ito.
5. Ang maunang makatapos ang mananalo.

**D. Mga Kanta at Tula**

| **<u>Where is ____________?</u>** | **<u>Where are the boys (girls)?</u>** | **Where are the 5 year olds?** |
|---|---|---|
| Where is (name of the child)? (2x)<br>There she/he is. (2x)<br>How are you this (morning/afternoon)?<br>Very well, I thank you.<br>Please (choose an action)<br>(Repeat for all children in class) | Where are the boys (girls)? (2x) Here we are! (2x)<br>How are you this (morning/afternoon)?<br>Very well, we thank you.<br>Please sit down. | (Where are the boys?) Where are the five year olds? (2x)<br>Here we are! (2x)<br>How are you this (morning/afternoon)?<br>Very well, we thank you.<br>Please sit down.<br><br>(modify the ages depending on the ages of the children present in class) |